

## 【“Pagdeklara Ng Medikal Na Krisis” Mensahe Ng Gobernador Hinggil Sa Anunsyo】

Sa Prepektura, ang pinagsama-samang bilang nang mga nahawaan hanggang ika-24 ng Disyembre ay umabot sa 1,895 katao, noong ika-23 at ika-24 ng Disyembre ang maximum na bilang nang mga nahawaan bawat araw ay nasa 56 katao na mataas sa talaan, higit pa sa dati ang malaking alon na tumama.

Batay sa reyalidad na ang sistemang medikal sa Prepektura ay nasa mahirap o nasa isang kritikal na sitwasyon, kinakailangan na mabawasan ang bilang nang mga nahawaan, kaya mangyari lamang na gumawa ng karagdagang hakbang upang maiwasan ang impeksyon sa katapusan ng taon at sa bagong taon.

### ○Mga Hakbang Sa Unang Pagbisita

- Halimbawa, ipagpaliban muna ng isang linggo ang unang pagbisita, iwasang sumamba sa unang 3 araw ng bagong taon  
(Sapagkat ang unang pagbisita ay siksikan nang mga sumasamba, napakataas ang peligro ng impeksiyon)

### ○Mga Hakbang Sa Kabataaan

- Mangyaring pigilin ang pagpunta sa Prepektura ng Aichi hangga’t maaari
- Pigilan muna ang sarili na dumalo sa year-end party, countdown, new year’s party, drinking party kasama ang mga kaklase, at iba pa, kumain at uminom kasama ang maliit na bilang nang mga tao na palaging kasa-kasama

Ngayong katapusan ng taon at bagong taon ang “All Gifu” kapag may masusing mga hakbang sa pag-iwas sa impeksiyon, banayad na darating ang bagong taon, at magkakaroon ng isang maaliwalas na tagsibol (spring), salamat sa inyong kooperasyon.